Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-30 NG ENERO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 13-2020

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA KAGAWARAN NG AGRIKULTURA SA PAMAMAGITAN NI KALIHIM WILLIAM DAR, SA PANGASIWAAN NG NATIONAL IRRIGATION ADMINISTRATION (NIA) REGION III SA PANGUNGUNA NI NIA ADMINISTRATOR RICARDO R. VISAYA AT SA PAMUNUAN NG NATIONAL WATER RESOURCES BOARD, SA PAMAMAGITAN NI EXECUTIVE DIRECTOR DR. SEVILLO D. DAVID JR., NA MAPAPAGKALOOBAN NG ALOKASYON NG PATUBIG O IRIGASYON ANG LUNGSOD NG MALOLOS PARA SA MGA MAGSASAKA NITO AT BILANG BAHAGI NG PAGSUSULONG AT PANGARAPING RICE SELF-SUFFICIENCY NG PAMAHALAANG NASYoNAL BILANG BAHAGI NG AGENDA NI LUBHANG IGINAGALANG RODRIGO ROA DUTERTE, PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS.**

**PANGUNAHING MAY AKDA: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatagubilin ng Seksyon 21 ng Artikulo 2 ng Saligang Batas ng Pilipinas na kinikilala ng estado ang mahalagang gampanin nitong maitaguyod ang pag-unlad ng sektor ng pagsasaka gayundin ang reporma sa agrikultura sa bansa;

**SAPAGKAT,** batay pa din sa Seksyon 1 ng Artikulo XII na ang tunguhin ng pambansang ekonomiya ay higit pang pantay na pamamahagi ng mga pagkakataon, kita at kayamanan, sustenadong pagpaparami ng mga kalakal at mga paglilingkod na liha ng bansa para sa kapakinabangan ng sambayanan;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** dapat itaguyod ng estado ang industriyalisasyon at pagkakataon na makapaghanapbuhay ang lahat batay sa mahusay na pagpapaunlad ng pagsasaka at repormang pansakahan;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin at adhikain ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagpapalakas ng sektor ng agrikultura, kung kaya't patuloy ang paghahandog nito ng mga programang mag-aangat ng produksyon ng palay at mag-aangat sa kanilang kabuhayan gaya ng libreng binhi, libreng pataba, araro at iba pa;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay may kasalukuyang 1,526.81 hektaryang lupaing sakahan at tinataniman ng mga magsasaka at umaani ang lungsod ng humigit-kumulang 4.89 metro toneladang ani kada ektarya ng palay;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** malaking bahagi ng pagsasaka ang patubig o irigasyon na siyang pinakabuhay ng sektor na ito kung kaya't sa panahong ito ay maputol ay tuluyang mamamatay ang produksyon ng palay;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Batas Republika Blg. 10969 o ang "FREE IRRIGATION SERVICE ACT" ay naisin ng estado na makapagbigay serbisyo ng libreng patubig o irrigasyon sa mga magsasaka;

**SAPAGKAT,** bahagi ng layunin ng Batas Republika Blg. 10969 ang pagkakamit ng "RICE SELF-SUFFICIENCY" ang bansa;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay naputol ang alokasyon ng tubig sa lungsod ng Malolos na lubhang nakakaapekto sa produksyon at kabuhayan ng mga magsasaka;

**KUNG KAYA'T** sa kahilingan ni **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA** na sinang-ayunan ng lahat ay,

**IPINASIYA** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na mapagkalooban ng alokasyon ng patubig o irigasyon ang Lungsod ng Malolos para sa mga magsasaka nito at bilang bahagi ng pagsusulong at pangarapìng Rice Self-Sufficiency ng Pamahalaang Nasyunal bilang bahagi ng Agenda ni Lubhang Igg. Rodrigo Roa Duterte, Pangulo ng Republika ng Pilipinas.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*01302020